www.xtrapapers.com



Diploma Programme
Programme du diplôme
Programa del Diploma

# Filipino A: literature – Standard level – Paper 1
# Filipino A : littérature – Niveau moyen – Épreuve 1
# Filipino A: literatura – Nivel medio – Prueba 1

Friday 8 May 2015 (afternoon)
Vendredi 8 mai 2015 (après-midi)
Viernes 8 de mayo de 2015 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

**Instructions to candidates**

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a guided literary analysis on one passage only. In your answer you must address both of the guiding questions provided.
- The maximum mark for this examination paper is **[20 marks]**.

**Instructions destinées aux candidats**

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez une analyse littéraire dirigée d'un seul des passages. Les deux questions d'orientation fournies doivent être traitées dans votre réponse.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[20 points]**.

**Instrucciones para los alumnos**

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un análisis literario guiado sobre un solo pasaje. Debe abordar las dos preguntas de orientación en su respuesta.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[20 puntos]**.

2215 – 0075



© International Baccalaureate Organization 2015

International Baccalaureate
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

www.xtrapapers.com



Magsulat ng isang ginabayang pagsusuring pampanitikan sa **isang** sipi lamang. Sa iyong sagot, kailangang tugunan mo ang nakalaang dalawang gabay na tanong.

**1.**

**Converse***

Kahon ng *Converse* ang pinaglagakan
sa kapatid kong pitong buwan,
Hindi na nakuhang umuha paglabas sa tiyan ni Nanay.

Hiningi namin sa kapitbahay ang kahon,
Lalagyan ng sapatos na ilang beses kong nahiram,
Pinagpasa-pasahan ng buong looban.

Ngayon, kaniya na ang kahon.
Ito ang magiging silid niya
Sa hukay na ni hindi namin mabayaran.

Nang makapaligo si Nanay,
Nagpasama siya sa sementeryo,
Dadalaw sa puntod ng kapatid ko.

Tumambad sa amin
Ay walang lamang hukay,
Basyong kahon ng *Converse*.

Kinutkot marahil ng aso
O sepulturero. Tinatanggal lahat ng patay
Na inililibing nang walang paalam;

Isinama sa bunton ng mga buto,
walang pangalang bungo,
Itinambak na parang basura.

Iniuwi ni Nanay ang kahon,
Itinago sa kabinet.
Doon inilagak lahat ng papeles
Ng aming kapanganakan, binyag,
Retrato, *report card*.

Sa kahong hinimlayan ng aking kapatid,
Ipinaamot ni Nanay ang buhay
Ng kaniyang mga buhay na anak.

Ang mga sanggol na inililibing nang walang binyag,
Ayon sa matatanda, nagiging tiyanak.

Kay Nanay, ang kaniyang walang pangalang anak
Ay naging kerubin.

Sa akin, hinding-hindi siya naging maligno
Ngunit hindi rin anghel.

www.xtrapapers.com



Nagising ang kapatid ko sa loob ng kahon
At inakalang siya ay sapatos.

Lumabas siyang palukso-lukso
Palayo sa katahimikan ng kamposanto,

Patungo sa kabahayan, nag-aapuhap
Ng mga paang sukat sa kaniya.

Jerry B Gracio, *Apókripós* (2006)

---

* Converse: popular na pangalan ng imported na gomang sapatos

(a) Paano nakapagbigay liwanag sa nilalaman ng tula ang gamit ng kahon ng sapatos ng *Converse*?

(b) Talakayin ang mga kasangkapang pampanitikan na ginamit ng makata para tulungang mapagaan ang kung hindi sana ay nakaririmarim na karanasan.

www.xtrapapers.com



**2.**

HINDI TUMAGAL ang pagbuhos ng ulan. Hindi rin umaraw.

Isa-isa niyang isinara ang *website*. Sunod-sunod na pinindot ang mga hakbang sa pagpapahinga ng *laptop*.

Nakabukas ang bintana. Napasulyap siya. Nagkikiskisan sa hanging Hunyo ang mga dahon ng punong atis. May liwanag na nagtatagos sa pagitan ng paglalapit at paglalayo ng mga tangkay. *Mga kamay ng Diyos*, naisip niya. Nagbibigay-daan sa liwanag na makararating sa kanyang utak, magniningning sa kanyang mga mata at mukha, magpapahinahon sa kanyang boses.

Inubos niya ang almusal. Sinimot ang isang tasang kape. Saka binitbit ang isang bote ng *mineral water* palabas ng bahay. […]

Sinuyod ng kanyang tsinelas ang mga mumunting bato sa kalsada. Hinayaan niyang kumapit ang alikabok sa naka-*shaved* na mga binti sa suot na *shorts* na maong. At parang mga hanay ng maliliit na pulang langgam na gumapang sa kanyang loob ang sundot na umakyat sa burol na ito. […]

Binuwal ng hangin ang nasimot niyang bote ng *mineral water* at napatalikod siya. […]

Iloilo na sa malayung-malayo. Ang San Joaquin, ang unang bayan mula Antique. Kung lalakarin, maaaring kalahating araw. Sa kanyang kaliwa, ang baybayin ng Anini-y, ang kasunod na bayan. Kung ihahambing sa Manila Bay, para itong *postcard* sa tingkad nitong asul at sa puting ulap na animo'y nakatungtong sa abot-tanaw.

Pang-*screensaver.*

Sa kanyang kanan, ang hilera ng huling nakatala sa *Census* na 204 kabahayan ng kanilang baryo. Dumidiretso ang kanyang paningin sa lubak-lubak na kalsada papasok sa bayan ng Dao hanggang sa mga tulay papuntang San Jose. Pagkatapos, tulad ng isang *avatar* sa natutunan niyang laro sa kompyuter, nagteteleport siya sa kabundukan ng Panay. […] Ito ang kabundukan na naging tahanan ng kanyang mga magulang. Ang nagpaulila sa kanya.

Wala pa ito sa *google.earth.* […]

TANGHALING-TAPAT ngayon. Sumasayaw sa hangin ang mga dahon ng talahib, tanglad, makahiya at iba pang damo sa burol na ito kung saan siya nakatayo. Isang pagtungtong-lampas sa mga balakid na nakabalot sa kanyang mga lumang tanong: *Saan ako magsisimula? Paano?*

Nalalanghap niya ang tubig-balon ng kanyang kabataan sa sapa sa di-kalayuan, ang mga lumot na kumakapit sa mga bato roon, ang mga lilang bulaklak ng banaba na inakyat niya para ipalamuti sa kapilya sa Flores de Mayo. Maging ang putikan sa unahan nito na animo'y kama kung makahiga ang kalabaw habang nakatali ang leeg sa puno ng madre de cacao.

Unti-unti, hindi na lamang isang pagnanasa ang makita sina Marcelo at Teresa. Nahihinog sa kasiguraduhan ang dati niyang pananalig sa *basi pa lang. Baka pa lang* makita na niya silang higit pa bilang mga naka-jpeg.format na *attachment* sa kanyang *email*.

Genevieve L Asenjo, *Lumbay ng Dila* (2010)

(a) Paano nakadaragdag sa iyong pag-unawa sa sipi ang gamit ng mga bagay ng teknolohiyang pang-impormasyon?

(b) Talakayin ang mga paraan ng awtor sa paglarawan ng sensibilidad at damdamin ng karakter.